

Kahalagahan ng Paggamit ng Trichogramma

1. Ligtas na gamitin ng tao, walang side-effects.
2. Hindi nagdudulot ng kapahamakan sa kapaligiran.
3. Higit na mura kaysa paggamit ng pestisidyo.
4. Magdudulot ng ibayong proteksyon sa palay hanggang sa ito ay anihin sapagkat ang trichogramma ay mabilis dumami.

Mga dapat tandaan sa pagdadala ng Trichogramma sa taniman

1. Huwag pabayaang mainitan ng araw, ang sobrang init ay nakakapagpabilis ng pagpisa ng Trichogramma.
2. Kung ang Trichogramma ay hindi pa isasabit sa halaman, iwasang makain ng langgan. Isalalay sa tubig.
3. Makabubuti na ang Trichocards na ilalagay sa halaman ay tama ang petsa sa pagpisa ng Trichogramma.
4. Kung hindi pa mailalagay, ilagay muna sa refrigerator (vegetable crisper) o icebox.
5. Panatilihin tuyo ang Trichocards.

Saan maaaring makakuha ng Trichogramma?

1. Regional Crop Protection Center (RCPC—IV) Economic Garden, Los Baños, Laguna
Telefax no. (049) 536-1905
- para sa mais, palay at gulay
2. Lipa Experiment Station (LES), Marauoy, Lipa City
Tel. no. (043) 756-4401
- para sa mais
3. Quezon Agricultural Experiment Station (QAES) Brgy. Lalig, Tiaong, Quezon
Tel. no. (042) 585-7101
- para sa mais

Para sa karagdagang kaalaman ukol sa trichogramma at pagsugpo ng ibang peste at sakit ng halaman, sumangguni sa **Regional Crop Protection Center (RCPC—IV) Economic Garden, Los Baños, Laguna.**



**AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE
-REGION IV**

Knowledge Management Unit

Website : www.ati.da.gov.ph/calabarzon

E-mail: atintc_uplb@yahoo.com

“Labanan ang Kahirapan, Isulong ang Karunungan”

**AGRICULTURAL TRAINING
INSTITUTE-REGION IVA
UPLB, COLLEGE, LAGUNA**



“ trichogramma ”

**Pangsugpo
sa uod ng
PALAY**



**Tel. +63049536-3263
+63049536-5600**



Trichogramma

Ano ang "TRICHOGRAMMA" ?

Ang Trichogramma ay isang uri ng insekto na kabilang sa mga kaibigang kulisap na sumusugpo sa pesteng uod ng palay (stemborer) o aksip.

Paano sinusugpo ng "Trichogramma" ang uod ng palay?

Nangingitlog ang inahing Trichogramma sa itlog ng kaaway. Ang inakay nito ay nanginginain at nagpapalaki sa loob ng itlog kung kaya't nasusugpo ang peste bago ito makapinsala ng palay.

Ano ang pamamaraan ng paglalagay ng TRICHOCARDS sa palayan?

Halaman	Ilang beses	Ilang Tricho-cards kada lagay	Kailan mag-sasabit ng Trichocard
PALAY	4	Unang lagay—70 cards Ikalawang lagay—70 cards Ikatlong lagay - 70 cards Ikaapat ng lagay—70 cards	19 araw pagkatanim 32 araw 42 araw 52 araw


Wastong paglalagay ng Trichocards sa Palayan:

1. Pumunta sa isang sulok ng palayan.
2. Mula sa sulok humakbang ng walo (8) pahalang (6 na metro).
3. Tumigil at humakbang uli ng walo (8) pagit-na, sundan ang tudling.

4. Kung saan tumigil doon unang ilagay ang trichocard.

5. Mula sa unang lagay, humakbang ng 17 susundan ang tudling at doon ilagay ang ikalawang trichocard.

6. Ituloy ang paghakbang ng 17 hanggang sa matapos ang paglalagay.



Sa anong parte ng halaman isinasabit ang Trichocard?

PALAY— gagawa ng "bamboo stick" o kaya ay kakawate na may habang isang (1) metro at doon isasabit ang card.

Anong dapat dalhin sa paghingi ng Trichogramma sa laboratory?

- Magdala ng icebox o cool man